ORAS NA HINDI NAGTATRABAHO PARA MAKABOTO

Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa bawat Araw ng Halalan. Kung ikaw ay nakatakdang magtrabaho sa panahong iyon, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa iyo na mag-ukol ng hanggang dalawang oras na hindi nagtatrabaho para makaboto, nang hindi mawawalan ng suweldo.

Maaari kang mag-ukol ng pinakamaraming oras na kailangan mo para makaboto, pero dalawang oras lamang sa mga iyon ang babayaran.

Ang iyong oras na hindi nagtatrabaho para sa pagboto ay maaari lamang sa simula o dulo ng iyong turno ng trabaho, maliban kung gumawa ka ng ibang pakikipag-ayos sa iyong pinagtatrabahuhan.

Kung sa palagay mo ay kakailanganin mo ng oras na hindi nagtatrabaho para makaboto, dapat mong bigyan ng paunawa ang iyong pinagtatrabahuhan nang hindi kukulangin sa dalawang araw ng trabaho bago ang halalan.

Seksiyon 14000 ng Kodigo sa mga Halalan ng California